

CHAPTER ONE

“Hello, Honey!” bati ni Melvin sa nobya at kaagad na yumuko upang mahalikan siya.

“Melvin, ano ka ba? Nakakahiya sa mga kasamahan ko,” mahinang sita ni Melanie bago sumulyap sa mga katrabaho.

Nasa opisina sila ng furniture shop na pinagtatrabahuhan niya. Nasa ginagawa naman ang atensyon ng mga ito maliban kay Vicky na kaagad ding iniba ang paningin nang sulyapan niya.

“Ang Honey ko talaga, masyadong konserbatibo. Para halik lang sa pisngi ay naninita ka na agad,” pabale-walang komento ng lalaki.

“Oo nga. Pero nandito tayo sa opisina at oras ng trabaho ko,” katuwiran niya.

“So what? Anak ako ng may-ari nito kaya walang magbabawal sa atin.”

“Kahit na, nahihiya pa rin ako. Hindi ako sanay na hinahalikan sa harap ng maraming tao.”

“Masyado ka kasing makaluma, Honey. Six months na tayong magnobyong pero halik lang ay

ganyan na ang reaksyon mo. Dapat nga sa loob ng panahong iyon ay higit pa doon ang nangyari sa atin. Pero okay lang kahit maghintay ako. Alam kong magiging sulit ang paghihintay ko. At tinitiyak ko sa iyong mapapaligaya kita nang husto sa araw na iyon at—”

“Stop it, Melvin!” namumulang saway niya na napatayo.

“Okay. Relax, Honey. Hindi na ako magsasalita. Kakausapin ko na lang si Mommy,” anitong nakataas pa ang mga kamay. Nahalata nitong napipikon na ang nobya.

“Nasa loob siya at may kausap kaya hindi puwedeng istorbohin,” sagot niya at muling umupo.

“Okay lang 'yon. Ikaw naman, parang hindi mo alam kung gaano ako kaimportante at kamahal ni Mommy para bale-walain niya kung sinuman ang kausap niya. Mamaya na lang tayo mag-usap,” tugon ni Melvin at dumerecho na sa opisina ng ina.

Napabuntung-hininga na lang si Melanie. Napasulyap siya sa mesa ng kasamang si Vicky at muli ay nahuli niya itong nakatingin sa kanya pero kaagad din iyong binawi.

Nagtataakang ibinalik niya ang isip sa ginagawa. Nitong nakaraang buwan ay madalas niyang

mapansing parang may ibang kahulugan ang pagsulyap sa kanya ni Vicky. At kung dati ay madalas silang magkuwentuhan saka magbatian o kaya ay sumasabay mag-lunch break sa kanila ng kaibigan niyang si June, lately ay napupuna niyang sadya siyang iniawasan nito at ni hindi makatingin sa kanya nang derecho. Naisip niyang siguro ay may problema lang ang babae kaya kakaiba ang mga kinikilos nito.

Makaraan ang mahigit kalahating oras ay lumabas na si Melvin na kasunod ang ina. Palapit ang mga ito sa kanya.

“Iligpit mo na ang mga gamit mo, Honey, at aalis na tayo. Kakain tayo sa labas,” sabi ng nobyo nang makalapit sa kanya.

“Pasado alas cuatro pa lang kaya hindi puwe—”

“It’s okay. Naipagpaalam na kita sa Mommy kaya wala nang problema.”

“Pero, Ma’am, hindi ho ba sinabi ninyo sa aking mag-OT ako ngayon dahil may ipapaayos kayo sa akin?” baling niya sa amo.

“Hindi na bale. Alam kong hindi ako titigilan sa pagkulit nitong anak ko hangga’t hindi ako pumapayag. Anyway, nariyan naman si Vicky kaya sa kanya ko na lang ipagagawa ang dapat ay iuutos ko sa iyo,” sagot ni Mrs. Carillo.

Tututol sana siya subalit naunahan ni Melvin.

“C’mon, Honey, ayusin mo na ang gamit mo at nang makaalis na tayo,” anito kaya napilitan siyang tumango at nagsimulang iligpit ang mga gamit.

“Hihintayin na lang kita sa kotse,” paalam nito.

Tumango lang siya. Sinulyapan niya si Vicky habang kausap ang amo nila at kahit hindi naririnig ay alam na niya ang pinag-uusapan ng mga ito.

“O, bilisan mo na diyan, Melanie. Aba’y huwag mong paghintayin nang matagal ang anak ko,” utos ni Mrs. Carillo matapos itong makipag-usap kay Vicky.

“Oho. Aalis na ho ako,” paalam niya. Paglabas ay nakita niyang nasa loob na ng kotse ang nobyo at nakikinig sa car stereo. Binuksan nito ang pinto nang makita siya.

“O, bakit hindi ka pa sumakay?” tanong ni Melvin nang hindi pa siya pumasok.

“Dadaanan ko muna sandali si June sa opisina niya,” sagot niya na ang tinutukoy ay ang kaibigan at kasama sa apartment. Ang opisinang pinapasukan nito ay ilang metro lang ang layo sa pinapasukan niya kaya sabay silang mag-break at umuwi kapag hindi siya sinusundo ni Melvin. “Ang alam niya’y sabay kaming uuwi ngayon. Akala ko kasi hindi mo ako

masusundo ngayon dahil may klase ka pa hanggang six thirty.”

“Pumasok ka na. Baka magtagal ka pa doon, nagugutom na ako. Mabuti pa’y tawagan mo na lang siya sa cell phone.”

Napilitan siyang sumunod sa nobyo. Hindi kaila sa kanyang malayo ang loob nito sa kaibigan niya. Marahil dala iyon ng lantarang pagpapakita ni June ng disgusto rito.

“So, sinundo ka pala ni Melvin. Hindi ba Wednesday ngayon at mamaya pa ang huling klase niya?” anang kaibigan sa kabilang linya nang tawagan niya ito at sabihing hindi sila magsasabay.

“W-wala yata silang klase sa last subject niya, eh,” sagot niya kahit hindi sigurado.

“Are you sure? O baka nag-cut na naman ng klase niya iyang nobyo mo o hindi talaga pumasok?” di-kumbinsidong tanong nito.

“Hindi. Talagang wala silang klase,” pagtatanggol niya at sumulyap sa nobyo na kunot ang noo habang nakatingin sa kanya.

“Siya, sige. Whatever you say. Anong oras ka uuwi?”

“Before nine. Pero huwag mo na akong hintayin dahil dala ko naman ang duplicate key.”

“Okay. Take care,” sabi ni June. Nagpaalam na rin si Melanie at ini-off ang cell phone.

“Pambihira talaga iyang kaibigan mo,” inis na sabi ni Melvin, “pati buhay ko’y pinakikialaman. Pati na rin ang oras ng pag-uwi mo. At masama na agad ang iniisip sa akin dahil sinundo kita ngayon.”

“Bakit nga ba? Hindi ka ba pumasok o nag-cut ka ng klase?” tanong niya.

“Hindi talaga ako pumasok. Masama ang pakiramdam ko kanina,” bale-walang tugon nito.

“Then dapat ay nasa bahay ka’t nagpapahinga. Bakit niyayaya mo pa ako sa labas?” sita niya.

“Kanina, talagang masama ang pakiramdam ko. But I feel better now. And besides, basta kasama kita’y tiyak na mawawala ang anumang sakit ko. Isang kiss nga lang wala na, eh,” paglalambing nito.

“Panay ka biro. Kaya tuloy imbis na graduate ka na’y hindi ka pa dahil sa kalokohan mo,” naiiling na sabi niya.

“Sinermunan mo na naman ako. Walang kaso kahit hindi ako maka-graduate dahil hindi ako mamamasukan katulad ng iba. Ako lang ang lalaki sa amin kaya siguradong sa akin ipamamahala ni Mommy ang furniture business namin.”

“Iba pa rin ang may tinapos, Melvin. What if—”

“Honey, there you go again. Hayaan mo na lang ako. Magtatapos naman ako. Huwag mo lang akong madaliin,” agaw nito.

Hindi na siya nakipagtalo pa. Ayaw niyang makipag-argumento rito dahil alam niyang wala rin siyang panalo. Kumain sila at pagkatapos ay nanood ng sine.

“Ang bango-bango talaga ng Honey ko,” masuyong sabi ni Melvin nang kalahating oras na silang nasa loob ng sinehan. Hinawakan nito ang kamay niya at tinangka siyang halikan sa labi subalit mabilis siyang umiwas.

“Melvin! Sumama ako sa iyo dito dahil nangako kang wala kang gagawing kalokohan,” paalala niya.

“Melanie, kalahating taon na tayong magnobyong pero hanggang ngayon ay parang nandidiri ka palagi sa akin at ni ayaw mong magpahalik. Ano ba talaga’ng problema?” yamot na tanong nito.

“Alam kong mas higit pa sa halik ang gusto mo. At kapag binigyan kita ng chance ay baka magsisi lang ako,” katuwiran niya.

“What’s wrong with that? Natural lang iyon sa nagmamahalan. Akala ko ba mahal mo ako?”

“Hindi iyon ang sukatan ng pagmamahal,” matigas na sabi niya.

“Pero isa iyon sa mga paraan sa pagpapadama ng pagmamahal,” giit nito. “Handa naman akong pakasalan ka pero ikaw itong umaayaw.”

“Dahil hindi pa ako handa at mas lalong hindi ka handa.”

“Kaya naman kitang buhayin, ah!”

“I think mas tamang sabihing kaya akong buhayin ng mommy mo,” naiiling niyang saad.

“Hindi mo pa kayang magpamilya, Melvin. Kung sarili mo nga’y hindi mo pa kayang buhayin, asawa’t pamilya pa kaya? At ayokong umasa sa mommy mo.”

“Kapag nakatapos na ako’y ako ang mamamahala sa negosyo namin at ako na rin ang bubuhay sa iyo.”

“Kung gan’on ay saka na natin uli pag-usapan ang bagay na ito kapag nakatapos ka na. At kapag ikinasal na tayo’y saka ko ibibigay ang gusto mo,” matigas na sabi ng dalaga.

“Pero—”

“Magtatalo ba tayo o uuwi na ako?” putol niya.

Napabuntung-hininga ito. “Sige na nga. Alam mo naman kung gaano kita kamahal kaya susundin ko ang gusto mo,” sabi nito at nakontento na sa pag-akbay sa kanya.

Matapos ang palabas ay nag-stroll pa sila sa mall at nag-dinner bago umuwi.

“HINDI NA AKO PAPASOK dahil alam kong magpapahinga ka na’t baka may masabi na naman ang kaibigan mo. Tatawag na lang ako sa iyo bukas. Good night,” ani Melvin at hinalikan sa noo ang nobya.

“Take care,” bilin ni Melanie at inilabas na ang susi.

Pagpasok niya sa silid nila ni June ay nakita niyang gising pa ito at nagbabasa ng pocketbook.

“Gising ka pa pala. Ipinasok ko na sa ref ang palabok para sa iyo; ipinabigay ni Melvin,” aniya.

“Salamat. Pero kahit ano pa’ng ibigay niya’y hindi gagaan ang loob ko sa kanya,” tugon nito at binitawan ang binabasa.

“Ewan ko ba sa iyo. Wala namang masamang ginagawa sa iyo si Melvin,” sabi niya habang nagbibihis.

“Dahil ayoko sa kanya para sa iyo,” matapat na tugon nito.

“At bakit?” tanong niya kahit nahuhulaan na ang itutugon nito.

“Dahil mama’s boy iyang boyfriend mo, napaka-immature at iresponsable. Not to mention palikero.” Umismid pa ito.

“Ikaw talaga, sobra kung husgahan iyong tao. Mabait na si Melvin at hindi na babaero,” aniya habang inaayos ang kamang hihigaan. Ipinagtatangol niya ang nobyo kahit na siya mismo ay may duda rito.

“Totoo naman ang sinabi ko, ah. Ewan ko nga ba kung bakit mo sinagot iyon. I’m sure na hindi ka liligaya sa kanya,” katuwiran nito.

“Mahal ko si Melvin.”

Umiling-iling ito. “I don’t know kung maniniwala ako sa iyo. Hindi ko nakikita sa mga kilos mo ang sinasabi mong pagmamahal sa kanya.”

“Sa tingin mo lang iyon dahil galit ka nga sa kanya.”

“Siguro nga. Ewan. Pero tapatin mo ako, mahal mo ba talaga siya?”

“Hindi ko siya sasagutin at magtatagal ang relasyon namin ng kalahating taon kung hindi ko siya mahal.”

“Bakit ba parang hindi pa rin ako kumbinsido. Pero feelings mo iyan kaya mas ikaw ang nakakaalam. Payo ko lang ay pag-isipan mong mabuti kung ano ang magiging buhay mo kung sakaling kayo ang magkatuluyan,” nasabi ni June saka tumayo.

“O, saan ka pupunta?”

“Eh, di kakainin iyong pasalubong mo. Kahit hindi ko gusto ang nobyo mo, gusto ko ang dala ninyong pagkain,” nakatawang sagot nito na ikinangiti rin niya.

Nang mapag-isa ay nag-isip si Melanie. Hindi lang niya sinabi sa kaibigan pero siya man ay pinagdududahan ang sarili kung mahal pa ba niya si Melvin o kung minahal niya ito kahit minsan. Binalikan niya sa isip ang nakaraan nila.

Bagong pasok siya noon sa furniture shop ng mga Carillo at doon niya nakilala ang lalaki nang puntahan nito ang ina. Simula nang makilala siya nito ay kaagad itong nagpakita ng interes. Na-flatter siya dahil bukod sa guwapo ito ay anak pa ng may-ari ng pinapasukan. Mahusay itong manligaw ng babae. Napakabait nito at maalalahanin kaya pagkalipas ng tatlong buwan ay sinagot niya ito.

Inakala niyang mahal niya ito, subalit later on ay na-realize niyang nabigla siya sa desisyon. Parang hindi naman pagmamahal ang naramdaman niya para rito kundi isang mababaw na damdamin lang. But in fairness dito, napasaya rin siya nito noong mga unang araw nila. Ngunit habang tumatagal ay nakikilala niya ang ugali nito na ikinadidismaya niya.

Gaya ng nasabi ng kaibigan, mama's boy ang kanyang kasintahan. Wala itong sense of responsibility at palaging nakadepende sa ina. Maraming beses na itong nangako sa kanyang magbabago pero hindi natutupad. Kaya tuloy parang tinabangan na siya rito. Iyon din ang dahilan kaya matigas siya sa pasyang huwag magpadala sa kapusukan ng lalaki. Alam niyang may reputasyon ito bilang babaero at kahit wala naman siyang nalalamang kalokohang ginagawa nito habang may relasyon sila, ayaw niyang magpadalus-dalos.

Ilang beses na siya nitong niyayang pakasal subalit panay ang kanyang tanggi. Alam niyang wala pa itong kakayahan para magpamilya. Hindi rin lingid sa kanyang hindi naman talaga boto ang ina nito sa kanya, subalit dahil nag-iisang anak na lalaki si Melvin pinagbibigyan ito ng ina sa lahat ng magustuhan.

Sa ngayon ay hindi niya maisip kung ano ang pupuntahan ng relasyon nilang magnobyong.

Bahala na! naisip niya.

CHAPTER TWO

“Lorenzo, Hijo!” tuwang bulalas ni Don Gregorio sa pamangkin.

“Tito Greg!” Nagyakap ang dalawa, pagkuwa’y pinagmasdan ng treinta años na binata ang tiyo. “Talagang parang hindi kayo tumatanda; parang magkasing-edad lang kayo ni Daddy.”

Natawa ito. “Ikaw rin ay hindi nagbabago at hilig mo pa akong bolahin. So, kumusta na ang paborito kong pamangkin na playboy? Bakit hindi ka man lang nag-abiso na uuwi ka pala ng Pilipinas?”

“Gusto ko kasi kayong sorpresahin. Actually, may dadaluhan akong kasal. Next week ay ikakasal na si Conrado, ang best friend ko, at doon gaganapin sa Bacolod. Ako ang tatayong best man niya kaya ako narito,” tugon niya.

“Sandali ka lang pala dito kung gan’on.”

“May importante pa ho kasi akong aayusin sa Toronto. But don’t worry dahil kapag naayos ko iyon ay babalik ako dito.”

Ngumiti ang matandang lalaki. “I’ll look forward to that. By the way, kumusta na ang daddy mo at

kapatid?"

"Okay naman sila. Arlene is happily married at malapit nang manganak. Two months na lang at magkakaroon na din ako ng pamangkin," nakatawang tugon niya.

"Mas dapat nga'y magkaroon ka na ng anak. Hanggang ngayon ba'y hindi ka pa nagsasawa sa pagkabinata?"

"Alam mo, Tito, wala sa mga priorities ko ang pag-aasawa. Anyway, where's Reina?" hanap niya sa pinsan.

"She's out of the country."

"Again?"

"You know she loves to travel. Kasama niya ang mga kaibigan niya at two weeks yata sila sa Hawaii."

Napailing siya. "Hindi pa rin nagbabago si Reina, lakwatsera pa rin. How about you, Tito, hindi ba kayo mag-aasawa uli? Matagal na kayong biyudo, ah."

Natawa si Don Gregorio. "Pareho kayo ng daddy mo. Everytime na magkakausap kami'y laging iyan ang inuungkat sa akin. I don't think mag-aasawa pa ako, tatal nariyan naman si Reina. But who knows, maybe sa susunod nating pagkikita'y nakahanap na ako ng babaeng pakakasalan ko."

"Sana nga, Tito. We want you to be happy."

"I am happy, Renzo. Kontento ako sa buhay ko. Kahit ampon ko lang si Reina'y itinuring ko na siyang parang tunay na anak. Alam kong mahal na mahal niya ako at siya ang nagbibigay ng kasiyahan sa akin. And besides, alam mong may pagkaselosa ang pinsan mo at tiyak na magseselos iyon kapag muli akong nag-asawa."

"I'm sure na mauunawaan niya kayo, Tito. Time will come na mag-aasawa rin si Reina at siyempre'y mahahati na ang atensyon niya sa inyo at sa magiging pamilya niya."

Tumango ito. "I know. Wala akong tanging hangad kundi maging maligaya siya. Kaya lang ay madalas niyang sabihin sa aking hindi raw siya mag-aasawa dahil hindi niya ako iiwan."

"Maganda si Reina. Maraming nagkakagusto sa kanya kaya imposibleng hindi siya makapag-asawa," pahayag ni Renzo.

"You're right," sang-ayon nito. "Ayoko ring tumanda siyang dalaga. Mahal na mahal ko siya at hindi ako nagsisisi sa pagkakaampon sa kanya dahil kahit na may pagka-spoiled ay mabait siya."

"And she's very lucky dahil kayo ang nakatagpo sa kanya."

Ngumiti lang si Don Gregorio bilang pagsagot.

“Well, ikakasal na pala si Conrad. At ikaw? Talagang ayaw mo ng ganoon klaseng commitment?”

“Hindi naman sa gan’on, Tito. Masaya ako sa buhay ko ngayon. At ni hindi ko alam if I’ll make a good husband kaya mas mabuti na muna ang ganito.... I’m free to do whatever I want.”

“You mean libre kang magbilang ng mga babae. Sige ka, baka makarma ka’t dumating ang araw na magkagusto ka nang matindi sa isang babae’y saka ka mabigo,” paalala nito.

“That’s next to impossible, Tito!” tumatawang sagot ng binata.

NAIINIS NA TINUNGO NI MELANIE ang daan papuntang garden. Ni hindi na siya nagpaalam kay Melvin na abala sa pakikipag-inuman sa mga kaibigan.

Kung alam lang niyang gagawin lang siyang tanga nito sa paghihintay habang ito ay nakikipaglasingan ay hindi na sana siya sumama sa pagdalo ng birthday party ng kaibigan nito. Ni wala siyang kakilala roon kaya kanina pa niya gustong umuwi subalit hindi siya pinapansin ng nobyo. Uuwi sana siyang mag-isa, subalit gabi na at alam niyang madalang ang taxi na nagagawi sa loob ng

subdivision na iyon. Kaya wala siyang ibang choice kundi hintayin si Melvin na matapos sa pakikipag-inuman nito.

Ang hindi alam ng dalaga ay kanina pa may nagmamasid sa kanyang bawat galaw.

Nakadama siya ng kapanatagan ng loob nang makarating sa malawak na garden. Malayo iyon sa ibang mga bisita kaya tahimik. Ilang beses siyang huminga nang malalim upang mawala ang pagkainis.

“I hope hindi mo gustong mapag-isa kaya ka nagtungo dito...”

Biglang napalingson si Melanie nang marinig ang baritonong boses na iyon. Nakasalubong niya ng tingin ang isang matangkad at matipunong lalaki. Derecho itong nakatingin sa kanya at nagtaka siya nang hindi niya matagalan ang titig nito at biglang bumilis ang tibok ng kanyang puso.

“... dahil narito ako para mag-offer na samahan ka,” dugtong nito nang hindi siya nakapagsalita.

“S-salamat pero nakakahiya naman sa iyo.”

“Think nothing of it. In fact, you’re doing me a favor dahil wala akong hilig sa mga ganitong pagtitipon. Isinama lang ako dito ng kaibigan ko at ngayon ay nalilibang siya sa mga ibang kakilala niya. Mukha ka nang naiinip, pareho ko, kaya tayo ang

dapat na mag-usap.... Would you care for a drink?" tanong nito pagkuwan at itinaas ang kamay na may hawak na isang bote ng wine habang ang isa ay may hawak na dalawang kopita.

"No, thanks. I don't—"

"C'mon, you need this. Mukha kang tense at makakatulong ito para ma-relax ka. Hindi naman ito nakakalasing so don't worry," putol nito na iniabot sa kanya ang isang kopita at sinalinan ng alak.

Tututol sana siya, subalit nang tumingin sa mga mata nito ay hindi na niya naisatinig iyon. Parang nahihipnotismong ininom niya ang laman ng kopita, na nasundan pa ng isa at marami pa. Hanggang sa naramdaman na lang niyang parang lumulutang ang kanyang pakiramdam. At giliw na giliw siya sa kausap habang panay ang tawa.

Halos hindi na namalayan ni Melanie na umalis na pala sila ng lalaki sa party. Isinakay siya nito sa kotse at dinala sa tinutuluyan nitong hotel. Maski nang makarating sa kuwarto at kargahin siya nito ay tawa pa rin siya nang tawa. Ang alam lang niya ay kaagad siyang napapikit nang sumayad ang kanyang likod sa malambot na kama.

Ah, kay ganda ng panaginip niya! Nasa isang magandang isla raw siya kasama ang isang

guwapong lalaki at masaya silang naghahabulan sa tabing-dagat. Nang maabutan siya nito ay kaagad siya nitong niyakap at inihiga sa buhanginan habang siya ay masayang nakatawa.

“You’re very beautiful,” narinig niyang masuyong bulong ng lalaki sa kanyang tainga habang hinahaplos nito ang kaliwa niyang pisngi bago tuluyang bumaba ang mga labi sa kanya. Para siyang nalulunod sa isang sensasyong hindi niya maintindihan. Mainit niyang tinugon ang halik nito na sa buong pag-aakala niya ay bahagi ng isang magandang panaginip.

Ang sumunod na pangyayari ay hindi niya inasahan. Saglit niyang ipinagtaka kung bakit kahit sa panaginip ay nakaramdam siya ng kirot sa pag-uugnay ng mga katawan nila ng lalaki. Subalit hindi na niya iyon binigyang-pansin nang balutin siya ulit ng kaiga-igayang sensasyon. Pumaibabaw ang kaligayahang naramdaman niya sa anumang tutol ng rasyonal na pag-iisip.

NAGMULAT NG MGA MATA SI MELANIE.

Hindi pamilyar sa kanya ang buga ng malamig na hangin dahil wala namang air-con sa silid nila ni June. Lalo niyang ikinagulat ang nakita sa paligid

ng silid. Kaagad siyang napabalikwas upang muling matigilan dahil hubo't hubad siya!

Awtomatiko niyang hinatak ang kumot patakip sa dibdib at noon niya lang napansing hindi siya nag-iisa. May katabi siyang lalaki sa kama! Pang-ibabang katawan lang nito ang tinatakpan ng kumot kaya lantad ang matipuno at balahibuhin nitong dibdib. Nang mapagmasdan niya ang mukha nito ay saka malinaw na rumehistro sa isip niya ang nangyari nang nakaraang gabi.

Hindi siya nanaginip! Totoong may namagitan sa kanila ng lalaki. Patunay ang mantsa ng dugo sa bedsheet at nararamdaman niya sa sariling hindi na siya buo tulad ng dati. Nanlumo siya at nalito.

Ano ba ang nagawa ko? tanong niya sa isip habang pinagmamasdan ang lalaki. Wala siyang maramdamang galit dito dahil natatandaan na niyang wala siyang pagtutol nang angkinin nito at sa halip ay tumugon pa siya. Ilang sandali siyang nag-isip hanggang sa naipasyang umalis na lang habang tulog pa ito.

Tumingin siya sa relo. Ala una na ng madaling-araw pero desidido siyang umuwi. Alam niyang delikado lalo na sa babaeng katulad niya ang magbiyahe sa ganoong oras pero kailangan niyang

umalis. Hindi niya alam kung paano haharapin ang lalaki kapag nagising ito.

Hinanap ni Melanie ang mga damit at napahiya sa sarili nang makitang nakakalat ang mga iyon sa sahig kasama ng damit ng estranghero. Mabilis siyang nagbihis at inayos ang sarili. Bago lumabas ay muli siyang sumulyap sa natutulog na lalaki. Kailanman ay hindi niya makakalimutan ang mukha nito. Ipinagtataka niyang wala siyang nadaramang pagsisisi o galit dito na siyang unang nakaangkin sa kanya.

Paglabas ng hotel ay eksaktong may taxi na nagbaba ng pasahero kaya kaagad siyang nakasakay.

“MELANIE, GISING NA... malapit nang mag-alas-ocho. Hindi ka ba papasok?” tanong ni June habang marahang niyuyugyog ang kaibigan sa balikat. Nakabihis na ito ng office uniform.

Bumangon si Melanie at umupo na sapo ang noo. “Hindi na muna, June. Tatawag na lang ako at sasabihing masama ang pakiramdam ko. Parang nahihilo ako, eh,” aniya.

“Dahil siguro sa puyat. Anong oras ka ba inuwi ni Melvin? Nakatulugan ko na ang paghihintay sa iyo, eh.”

“Pasado alas dos na. Tulog na tulog ka na nga, eh,” sagot niya. Naisip niyang mas mabuti kung ililihim na lang niya rito ang nangyari sa kanya nang nakaraang gabi. Nakapagdesisyon siyang kalimutan na lang iyon dahil wala na siyang magagawa. Ni hindi nga niya kilala ang lalaking iyon at tiyak na hindi ito magpapakahirap na hanapin siya. At sigurado siyang hindi na sila muling magkikita. Mas mabuting ituring na lang niya iyong isang panaginip—isang magandang panaginip na paulit-ulit niyang babalikan sa isip.

“Siya, maiwan ka na muna dito at magpahinga. At uminom ka ng gamot para mawala iyang sakit ng ulo mo. May niluto na akong breakfast kaya magalmusal ka na lang. Tutuloy na ako dahil may hindi pa ako natapos na trabaho kahapon,” paalam ng kaibigan.

“Sige. Ingat,” bilin niya.

KATATAPOS LANG MANANGHALIAN ni Melanie at kasalukuyang nanonood ng TV nang dumating si Melvin. Maamung-maamo ang hitsura nito.

“Ano’ng ginagawa mo dito?” malamig na tanong niya matapos itong pagbuksan. Bumalik siya sa

kinauupuang sofa. Tumabi naman sa kanya ang nobyo.

“Galing ako kay Mommy kanina at nalaman kong masama raw ang pakiramdam mo kaya ka hindi pumasok. Alam kong hindi totoo iyon, galit ka lang sa akin dahil sa nangyari kagabi. I admit na may kasalanan ako sa iyo. Masyado akong nalasing at nakalimutan kita. Nagalit ka tuloy kaya umalis ka nang walang paalam at iniwan ako,” mababang sabi nito.

“Kapag kaharap mo kasi ang alak ay nakakalimutan mo na ang lahat, Melvin. Maski ako.”

“I’m really sorry, Honey. Promise, last time nang mangyayari iyon. Sising-sisi nga ako, eh. At kung may masamang nangyari sa iyo kagabi ay hindi ko mapapatawad ang sarili ko. Please forgive me. I promise na hindi na iyon mauulit.”

Talagang may nangyari sa akin kagabi, Melvin. Pero hindi ko itinuturing na masama iyon, sa isip-isip niya.

“Honey, patawarin mo na naman ako,” untag nito nang hindi siya kumibo.

Napabuntung-hininga siya. “Okay, patatawarin kita pero make sure na hindi na mauulit iyon,” sabi niya.

“I swear! Thank you, Honey. Sabi ko na nga ba’t

hindi mo ako matitiis,” natutuwang sabi nito.

“Teka, hindi ba may klase ka ngayon?” tanong niya.

“Yeah, pero hindi ako mapakali kasi alam kong galit ka sa akin. Minabuti kong huwag na lang pumasok; sasamahan na lang kita dito. Anong oras ka nga pala nakauwi kagabi?”

“Ha? Mga alas diez,” pagkakaila niya. “Melvin, mas mabuti kung pumasok ka na lang. Madalas ka nang um-absent,” pag-iiba niya sa topic.

“Bukas na lang, Honey. Wala kang kasama dito kaya—”

“I’m fine, okay? May usapan tayong magpapakatino ka na sa pag-aaral mo, di ba?” agaw niya.

“Yes, but—”

“Kapag hindi ka pumasok ay babawiin ko ang pagpapatawad ko sa iyo,” pananakot niya.

“Okay. Papasok na ako,” sabi ni Melvin na walang nagawa.

“Dapat lang,” aniya.

“Sige, aalis na ako. Magpahinga ka na lang,” paalam ng nobyo.

Hinatid niya ito ng tanaw sa may pinto at nakaramdam siya ng sumbat ng konsyensya. Kahit

na ano pa ang kanyang ikatuwiran sa sarili ay unfair kay Melvin ang hindi niya pagsasabi rito ng nangyari nang nakaraang gabi. Kahit na may pagkukulang at kapintasan ito ay tapat ito sa kanya at iginagalang nito ang pasya niyang panatilihing buo ang sarili hangga't hindi pa sila kasal.

Pero hindi na siya birhen ngayon. Ipinagkaloob niya ang sarili sa isang lalaking minsan lang niyang nakita at baka hindi na makitang muli.

Naisip na lang niyang bumawi sa nobyo. Pipilitin niyang maging malambing at maunawain dito. Hahanap siya ng tamang pagkakataon na makapagtapat dito tungkol sa nangyari. Ayaw niya itong dayain nang matagal at bahala na ito sa anumang desisyong gagawin pagkatapos.

CHAPTER THREE

Sa pagdaan ng mga araw ay pinilit nga ni Melanie ang sariling mahalín si Melvin. Madalas niya itong pagbigyan sa mga pagyaya nito sa labas at munting paglalambing nito. Subalit hindi pa rin niya naipagtatapat dito ang nangyari sa kanya dahil hindi pa siya makakuha ng tiyempo.

Hindi rin niya nagawa ang sinabing kalilimutan niya ang namagitan sa kanila ng estranghero dahil gabi-gabi sa pagtulog, maging sa panaginip ay bumabalik sa kanya ang tagpong iyon.

Nang gabing iyon, nagulat siya nang mapagbuksan ng pinto ang officemate na si Vicky. Namumula ang pisngi nito na parang sinampal at mugto ang mga matang halatang galing sa pag-iyak.

“Vicky! Ano’ng ginagawa mo dito?” usisa niya. “Gabi na, ah. Paano mo nalaman itong sa amin at—”

“Puwede ba kitang makausap?” putol ng babae.

“S-sure. Pasok ka,” aniya at pinatuloy ito.

“Sandali at ikukuha kita ng maiinom.”

“Huwag na. Salamat na lang,” pigil nito.

Umupo siya sa sofa na kaharap ng inuupuan nito. “May problema ka ba, Vicky? Hindi ka pumasok kanina. If there’s anything I can do to help, magsabi ka lang.”

“Si June?” usisa muna nito.

“Wala siya. Birthday party ng boss nila kaya mamaya pa siya darating.” Nararamdaman niyang importante ang sadya nito.

“G-gusto ko sanang makiusap sa iyo, Melanie.”

“Tungkol saan?”

“Tungkol kay Melvin. Mahal mo ba talaga siya?” tanong nito.

“Bakit mo naman naitanong iyan? Ano ba’ng kinalaman dito ni Melvin?” kunot-noong balik-tanong niya.

Sukat doon ay bigla itong umiyak. Kaagad siyang lumapit at inalo ito.

“Vicky, huwag kang umiyak. Ano ba talaga’ng problema? Tell me.”

“Buntis ako... at si Melvin ang ama ng dinadala ko,” pahayag nito na ikinabigla niya. Saglit siyang hindi nakakibo. “Patawarin mo ako, Melanie, pero matagal na rin kaming may relasyon ni Melvin. Kasalanan ko dahil kahit na alam kong magnobyong kayo’y hindi ko napigil ang sarili kong mahal siya.

Alam kong ikaw ang mahal niya," pagtatapat nito.

"G-gaano na katagal ang relasyon n'yo?" hindi pa rin makapaniwalang tanong niya.

"Mahigit tatlong buwan na kaming palihim na nagkikita. Pero mula noong nakaraang linggo'y hindi na siya nagpupunta sa bahay at hindi na ako tinatawagan. Iyon ay mula nang malaman niyang buntis ako. Kanina ay galing siya sa bahay at nag-away kami. Ayaw niya akong panagutan at sinaktan niya ako nang ayaw kong sundin ang gusto niyang ipalaglag ang batang dinadala ko!" Muli ay napahagulgol ito.

Sa halip na galit ay awa ang nadama niya para sa babae. "Huwag ka nang umiyak, Vicky. Baka makasama sa bata."

"Patawarin mo ako. Alam kong kasalanan ko rin ang nangyari sa akin dahil sa pagpatol ko kay Melvin. Alam kong ginamit lang niya ako pero pilit akong nagbulag-bulagan. At ipapakiusap ko sana sa iyong ipaubaya mo na siya sa akin kahit alang-alang man lang sa anak ko," pakiusap nito.

Hinawakan niya ang kamay nito. "Pinapatawad na kita. Hindi mo na kailangang makiusap dahil dapat lang na panagutan ka ni Melvin dahil sa iyo siya may higit na responsibilidad kaysa sa akin. Ako

na mismo ang makikipaghiwalay sa kanya. Ipipilit ko ring panagutan ka niya,” tapat na sabi niya.

Yumakap ito sa kanya. “Salamat, Melanie, napakabuti mo. Lalo tuloy akong nahihiya sa iyo. At muli’y humihingi ako ng tawad sa kasalanan ko.”

Gumanti siya ng yakap. “Wala iyon, Vicky. Ang importante ay ang kalagayan mo.”

“THIS IS CRAZY, Melanie! Hindi mo alam ang sinasabi mo!” galit na pahayag ni Melvin nang kausapin ito ng dalaga at makipaghiwalay siya rito.

“Ito ang tamang gawin natin. Ikaw, panagutan mo ang anak mo kay Vicky,” matigas na pahayag niya. Nanatili siyang nakaupo sa sofa habang ang lalaki ay nakatayo at naglalakad paroo’t parito.

“Bakit ko gagawin iyon samantalang siya ang tumukso sa akin? Lalaki lang ako, Melanie. At hindi siya ang mahal ko kundi ikaw.”

“Ganoon pa man, dapat mong panindigan ang ginawa mo. Kung totoong mahal mo ako, kahit sino pang babaeng tumukso sa iyo’y hindi mo papatulan. Pero hindi na dapat tayo magsisihan o magsumbatan. Buntis si Vicky at ikaw ang ama kaya kailangan mo siyang pakasalan upang—”

“To hell with her and her child!” pasigaw na

sabad nito. Umupo ito at hinawakan ang dalawang kamay niya. “Okay, iyong tungkol sa bata’y may solusyon doon. Susustentuhan ko siya, ibibigay ko lahat ng kailangan nila maliban sa pangalan ko. Siguro naman ay sapat na iyon para hindi tayo guluhin ni Vicky,” dugtong nito.

Binawi niya ang kamay. “Hindi iyon ang kailangan niya, Melvin. Hindi pera kundi ikaw! Magpakalalaki ka naman. Maawa ka kahit hindi na kay Vicky kundi sa anak ninyo.”

“Kasalanan niya iyon! Alam niya noong una pa lang na ikaw ang mahal ko. Talagang sinadya niyang magpabuntis para mapikot ako. Puwes, hindi siya magtatagumpay!”

“Mahal ka niya kaya nagawa niya iyon,” pagtatanggol niya sa kaopisina.

“Pero hindi ko siya mahal! Ikaw ang mahal ko, Melanie... alam mo naman iyon, di ba?”

“Sa palagay mo ba’y kaya kong bale-walain ang katotohanang may isang mag-inang higit na nangangailangan sa iyo? I’m sorry, Melvin, pero hindi mo pala ako kilala. Kung ayaw mong panagutan si Vicky ay wala akong magagawa pero buo na ang pasya kong makipaghiwalay sa iyo,” matigas na pasya niya.

“Hindi ako papayag! At lalong hindi ako pakakasal sa babaeng iyon! I swear I’ll do anything to get you back!” huling pahayag ni Melvin bago umalis.

Naiwang nanghihina ang dalaga.

PAGPASOK NI MELANIE kinabukasan ay sinalubong kaagad siya ng isang kaopisina at sinabing pinatatawag siya ng ina ni Melvin. Dumerecho na siya sa silid ng amo.

“Good morning, Ma’am. Pinatatawag ninyo raw ho ako?” bungad niya.

“Oo. Take a seat,” sagot ni Mrs. Carillo. “I’ll go straight to the point, Melanie. Alam ko ang nangyari sa inyo ng anak ko and to tell you the truth ay hindi ko iyon nagustuhan. Hindi ka dapat nakipaghiwalay sa kanya. Alam mo bang naglasing siya kagabi at muntik nang maaksidente sa pagmamaneho? Kung may masamang nangyari sa kanya’y *ikaw* ang may kasalanan niyon.”

“Kung may nangyari man sa kanya’y hindi ako kundi siya na rin ang dapat sisihin,” matatag na sagot niya. “Nakipaghiwalay ako sa kanya dahil iyon ang tamang gawin. Alam kong alam na ninyo ang tungkol kay Vicky.”

“Ayaw ng anak ko kay Vicky. And don’t think na kaya kita kinakausap ay dahil boto ako sa iyo. Frankly speaking, hindi ikaw o ang katulad ni Vicky ang gusto ko para sa anak ko. Pero dahil mahal ka ni Melvin ay hindi ako tumutol. Kaya dapat lang na pahalagahan mo ang pagmamahal niya sa iyo. Gusto kong makipagbalikan ka sa kanya at magpakasal kayo kung gusto ninyo,” utos nito. “Ako na ang bahala sa puñetang Vicky na iyon!”

“I’m sorry, Ma’am, pero hindi ko ho babalikan si Melvin at—”

“Nakasalalay dito ang trabaho mo, Melanie,” babala ng matandang babae. “At baka hindi mo alam na malaki ang mamanahin ni Melvin.”

“Wala ho akong pakialam sa mamanahin ng anak ninyo. At hindi ako makikipagbalikan sa kanya kahit na sisantehin n’yo pa ako. As a matter of fact ay hindi ninyo na kailangang gawin iyon dahil ngayon pa lang ay magre-resign na ako,” sabi niya at tumayo na.

“Isa kang hangal para pakawalan si Melvin. Huwag kang magmalaki dahil hindi mo alam ang mawawala sa iyo!”

“Hindi ho. Alam ko kung ano ang nawala sa akin at kailanman ay hindi ko panghihinayangan iyon,” pinal na sabi niya at umalis.

Naiwan si Mrs. Carillo na galit na galit.

“SIGURADO KA BA talaga sa gagawin mo?”
tanong ni June habang tinutulungan sa pag-iimpake
si Melanie.

“Oo. Mabuti na rin iyong lumuwas ako sa
Maynila para tuluyan na akong makalayo kay
Melvin. Hanggang ngayon kasi’y hindi pa rin niya
ako tinitigilan,” sagot niya.

“Sabagay. Sabi ko na nga ba’t hindi
mapagkakatiwalaan ang lalaking iyon, eh. Mabuti’t
nakilala mo siya habang maaga. Pero nakakaawa
naman si Vicky, ano?”

“Sana nga sa pag-alis ko’y panagutan na siya
ni Melvin. Kawawa ang anak niya kung walang
kikilalaning ama.”

“Sana nga. Pero teka, sigurado ka bang kaya
mong mag-isa sa Maynila?” paniniyak ng kaibigan.

“May pinsan ako doon,” tugon ni Melanie. “Doon
muna siguro ako tutuloy sa kanya tatal sabi niya
noon sa akin ay puntahan ko siya kung sakaling
luluwas ako. Matagal na nga lang kaming hindi
nagkita pero nasa akin naman ang address niya.
Hahanapin ko na lang siya.”

“Ikaw ang bahala. Mag-ingat ka’t maraming mga

loko doon. At huwag mo akong kalilimutang sulatan, ha?" bilin ni June.

Nakangiti siyang tumango at yumakap dito.

IBINABA NI MELANIE ang dalawang bag na bitbit at nagpunas siya ng pawis.

Pinuntahan niya ang pinsan sa address na ibinigay nito, subalit iba na ang nakatira roon at walang nakakaalam kung saan ito lumipat. Halos buong araw ang ginugol niya sa paghahanap ng tirahan nito at halos magkaligaw-ligaw siya dahil hindi na niya matandaan ang eksaktong lugar; mahigit nang limang taon mula nang huli niya itong puntahan. At nakakapanlumo na sa kabila ng hirap at pagod na inabot niya ay wala na pala ito roon.

Nakita niya ang isang restaurant sa kabilang kalye at noon lang niya naalalang hindi pa pala siya kumakain ng tanghalian gayong pasado alas cuatro na. Naisip niyang kumain muna at saka na mag-iisip ng susunod na hakbang.

Muli niyang binuhat ang dalawang bag at lumakad patawid. Hindi niya napansin ang isang magarang kotse na parating. Hindi na rin siya naiwasan niyon sa biglaang pagtawid niya. Ang huling narinig niya ay ang ingit ng gulong sa semento

bago nagdilim ang kanyang paningin.

Kaagad na bumaba ang dalawang lalaking sakay ng kotse.

“Matias, buhatin mo siya at dadalhin natin sa hospital,” utos ng may-ari ng *Mercedes Benz* na si Don Gregorio sa driver. Kaagad na tumalima ang huli.